

TAGALOG

II

5

CHRISTIAN LIFE  
PROGRAM

# Ebangelismo Personal



INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

TAGALOG: "PERSONAL EVANGELISM"

# **Ebanghelismo — — Personal**

ni

Jean-Baptiste Sawadogo

International Correspondence Institute  
Philippine National Office  
P. O. Box 1084  
Manila

Ang tanggapan ng ICI  
sa inyong pook:

|IBAHAGI|

CL 5150 - TA

Ang mga talata ng Kasulatan ay hango sa bagong  
salin ng Biblia.

# NILALAMAN

## PAHINA

MAG-USAP MUNA TAYO . . . . .	5
------------------------------	---

## ARALIN

1 SUMUNOD SA PLANO . . . . .	8
2 MAGING HANDA . . . . .	22
3 MAGING KASANGKOT . . . . .	40
4 IBAHAGI ANG IYONG KARANASAN . . . . .	56
5 ALAMIN ANG GAWAIN . . . . .	74
6 PAGTAGUMPAYAN ANG MGA HADLANG . . . . .	94
7 ISAALANG-ALANG ANG IYONG PAGLAPIT . . . . .	110
8 ASAHAN ANG GANTIMPALA . . . . .	128



# Mag-usap Muna Tayo

## Paunang Salita ng May-Akda

Ngayon na iyo nang tinanggap si Jesus sa iyong puso bilang buhay at personal mong Tagapagligtas, maraming tanong ang maaari mong maisip. Ano ang nakapaloob sa buhay Cristiano? Ano ang dapat kong gawin?

Hindi ka nag-iisa. Maraming tao ang may gayon ding katanungan. Isa sa kanila ay nagtanong kay Jesus nang araw ding yaon na kanyang makilala ang Panginoon, "Ano pa po ang dapat kong gawin?" (Mateo 19:20). Sinabi sa kanya ni Jesus, "Sumunod ka sa Akin."

Si Jesus ang ating halimbawa sa paghahatid ng mabuting balita sa bawat tao sa lahat ng dako. Nais Niyang ibahagi natin ang Kanyang mabuting Balita saan man tayo naroroon. Sino ka man, ikaw ay hinirang ng Dios upang ipagsabi sa iba ang iyong naranasan kay Cristo-Jesus at ang Kanyang kapangyarihang magligtas. Iyan ang ebanghelismo personal.

Ang pag-aaral sa kursong ito ay makatutulong sa iyo na maunawaan ang tunay na kalikasan ng ebanghelismo personal. Ito ay makatutulong sa iyo na ibahagi si Cristo sa mga taong nasa iyong paligid sa paraang kapani-

paniwala, makapangyarihan, at tiyak. Ito ay makatutulong sa iyo na ibahagi ang iyong karanasan sa mga taong kaiba ang pinaglakhan kaysa sa iyo. Ito ay isang makabagong paraan ng pagtuturo sa iyong sarili upang tulongan ka na madali mong matutuhan ang mga prinsipio at magamit kaagad ang mga ito sa iyong buhay.

### **Ang Iyong Aklat-Aralin**

Ang EBANGHELISMO PERSONAL ay isang maliit na aklat-aralin na madadala mo kahit saan ka magpunta at mapag-aralan anumang oras na ikaw ay may pagkaka-taon. Sikaping ikaw ay makapagtakda ng oras araw-araw upang pag-aralan ito.

Maingat na pag-aralan ang mga nauunang dalawang pahina ng bawat aralin. Ito ang siyang maghahanda ng iyong isip sa mga sumusunod. Pagkatapos, pag-aralan ang mga aralin nang pangkat-pangkat at sundin ang mga tagubilin na may pamagat na *Gawin Mo Ito*. Kung ang iyong sagot ay hindi magkakasya sa iyong Aklat-aralin isulat ito sa kuwaderno upang madali mong mababalikan kapag ikaw ay magbabalik-aral.

### **Ang Iyong Talaan ng Mag-aaral**

Kung ikaw ay mag-aaral upang magkaroon ng isang sertipiko, iyong tinanggap ang isang hiwalay na libreta na ang tawag ay *Talaan ng Mag-aaral: Ebanghelismo Personal*. Pagkatapos ng bawat aralin, sagutin ang Talaan ng Mag-aaral.

Sundin ang mga tagubilin sa iyong talaan ng mag-aaral sa pagpapadala nito sa tanggapan ng ICI na malapit sa iyong pook. Ang address ay iyong makikita sa ikalawang

pahina nitong aklat-aralin, o kaya'y sa talaan ng mag-aaral. Kapag ito'y iyong natapos, ikaw ay tatanggap ng magandang sertipiko.

### **Tungkol Sa May-akda**

Si Jean-Baptiste Sawadogo ay isang guro sa *Assembly of God Bible School* sa bayan ng Nagabagre, Upper Volta. Siya ay isinilang sa bayan ding ito. Siya ay naglingkod bilang pastor ng *Assemblies of God*, at masikap din siyang naglingkod sa gawaing-pangradio at bilang guro sa mga *seminars* sa West Africa. Nagtapos siya sa College Protestant ng *Assemblies of God* sa Upper Volta at nag-aral din sa International Bible Training Institute sa Inglatera. Sa kasalukuyan kumukuha siya ng *graduate studies* sa Unibersidad ng Ouagadougou sa Upper Volta.

Ngayon ikaw ay handa na upang magsimula sa Unang Aralin. Pagpalain ka nawa ng Dios sa iyong pag-aaral.